American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-06, pp-247-260
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Antas ng Interes sa Pagbasa sa mga Klasikong Akda ng mga Mag-Aaral sa BSEd Filipino: A Mixed Method Study

Daryll Mae M. Maitim
*Student Researcher, Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology, Philippines*

**ABSTRAK :** Ang pag-aaral na ito sa paraang mixed-method ay sinuri ang antas ng interes sa pagbasa sa mga klasikong akda. Karagdagan nito, ginamit ang disenyong convergent parallel mixed method dahil dito nakakukuha ng iba-iba at komplementaryong datos sa parehong paksa. Sa kwantitatibong yugto, ginamit ang stratified random sampling para sa pagkuha ng populasyon na mayroong 99 na mga mag-aaral ang tumugon sa pag-aaral at sa kwalitatibong yugto, ginamit naman ang purposive sampling sa pagkuha ng bilang ng partisipante na may 14 na nakilahok, 7 sa pinalalim na panayam (In-Depth Interview) at 7 sa pangkalahatang talakayan (Focus Group Discussion). Sa resulta naman ng pag-aaral na ito partikular na sa kwantitatibong bahagi, ang tatlong indekeytor na pagsisikap, motibasyon at pagpapalagay sa pagbasa sa mga klasikong akda ng mga mag-aaral ay may kabuoang resulta na mataas o ang antas ng interes sa pagbasa sa mga klasikong akda ay madalas na naipamalas. Samantala sa kwalitatibong bahagi, batay sa mga resultang nakuha sa pakikipanayam nabuo ang sampong (10) pangunahing tema; pagpapahalaga sa wika, banghay at damdamin sa panitikan, masusing pagsusuri sa wika, estilo at konteksto, pagtuklas ng aral at kultura sa panitikan, pagtuklas ng aral at kahalagahan ng panitikan, pagpapalalim ng wika at pag-unawa sa Filipino, paglinang ng interes sa makabuluhang akda, mabisang paraan sa mas malalim na pag-unawa ng klasikong akda, pagtuklas at pagpapanatili ng kahalagahan ng akda, pagpapahalaga sa wika, kultura at kasaysayan noon at paglalaan ng panahon sa masusing pag-unawa ng akda. Batay sa pinagsama-samang datos mula sa kwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan, natagpuan ang malinaw na pagkakatugma sa mga resulta ng dalawang pagsusuri. Ipinapakita nito na ang mga natuklasan mula sa magkabilang pamamaraan ay nagtutulungan upang suportahan ang isa't isa, dahil dito makikita ang pagkakaroon ng isang convergent na ugnayan na nagpapalalim sa pangkalahatang interpretasyon ng datos.

***KEYWORDS :*** *Interes sa pagbasa; Klasikong akda; Pagsisikap sa pagbasa; Motibasyon sa pagbasa; Pagpapalagay sa pagbasa*

## I. INTRODUKSYON

Ang mga klasikong akda ay itinuturing na isang panitikan na siyang sumasalamin sa mga lumipas na panahon at nakagawiang kultura. Ito ay yaong mga akdang naisulat sa mga nakalipas na taon na siyang napakahalaga sa kasalukuyan partikular na sa panitikang Filipino. Subalit, iilan sa mga mag-aaral ay nawawalan nang interes sa pagbabasa nito dahil sa mahirap ito maunawaan o kadalasan ang ginagamit na wika ay malalim dahil dito napupukaw ang kanilang mga interes sa pagbasa kapag ito ay naaayon sa kanilang kagustuhan o kung ito ay kinakailangan. Ayon kina Muhamad et, al. (2019), isang hamon para sa iilang mag-aaral ang pagkakaroon ng interes sa pagbabasa dahil ito ay nakababagot partikular na sa nakararami.

Sa Indonesia, isang pag-aaral ang isinagawa na kung saan isinasaad na hindi lahat ng mga mambabasa ay interesado sa pagbabasa ng mga klasikong panitikan o akda. Ang mga klasikal na tekstong pampanitikan ay nagiging hindi kapansin-pansin partikular na sa henerasyon ng mga kabataan ngayon. Isinasaad din dito na ang mga mambabasang kabataan ngayon ay humahantong sa pagkakaroon ng walang huwisyong magbasa, makinig o kahit na malaman ang tungkol sa mga klasikong akda o pampanitikan sapagkat ang mga nagsisimula palang bumasa ay mayroong mataas na antas pagdating sa kahirapang umunawa ng mga klasikal na tekstong pampanitikan. Kaya, ang mga kaalaman na nakapaloob sa mga klasikong akda o pampanitikan ay hindi nauunawaan ng mga mambabasa ng panitikan ngayon (Rosa et al., 2023).

Sa Pilipinas, isang kaugnay na pag-aaral ang isinagawa na kung saan tila problema ang pagbabasa. Ayon sa pag-aaral na bumababa ang interes sa pagbasa ng mga mag-aaral. Nakasaad din na ang mga mag-aaral ay hindi interesado sa pagbabasa partikular sa mga klasikong akda. Dahil dito, nahihirapan ang mga guro ngayon sa

pagkakaroon ng koneksyon sa mga mag-aaral kaya kinakailangan ng mga tagapagturo na pumili ng mga akda na interesado ang mga mag-aaral na basahin subalit kabaliktaran ang ibinibigay ng mga guro. Ang problema ay nagbibigay ang mga guro ng mga babasahin na hindi interesadong basahin ng mga mag-aaral (Pimentel, 2023).

Isinagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy at mailahad ang antas ng interes sa pagbasa sa mga klasikong akda ng mga mag-aaral sa BSEd Filipino sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology partikular na sa mga mag-aaral sa ikalawang taon na sumailalim sa asignaturang Pagbasa at Pagsulat sa iba't ibang Disiplina. Kaya, isang agarang pag-aaral ang kinakailangang gawin sapagkat dulot ng kanilang paghihirap na maunawaan ang pagbabasa nito mas nahubog sa ibang bagay ang motibasyon, pagsisikap at pagpapalagay sa pagbasa sa mga klasikong akda at dahil dito iilan sa mga mga-aaral ay nawawalan ng interes sa pagbasa parikular na sa mga klasikong akda. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, maaaring ito ay maging daan upang mabigyang pansin at aksyon ang ganitong problema sa agarang panahon. Gayunpaman, ang pananaliksik na ito ay isang daan upang maibahagi ang antas ng interes sa pagbasa sa mga klasikong akda ng mga mag-aaral sa BSEd Filipino, ito rin ay may hangad na mabatid ang mga impormasyong hinggil sa antas interes sa pagbasa sa mga klasikong akda. Ang magiging kalalabasan ng pag-aaral na ito ay siyang silbing paraan upang matugunan sa lalong madaling panahon ang mga partikular na kinakailangang bigyang pansin ng mga guro, lalong lalo na rin sa mga mag-aaral na mayroong mababang interes sa pagbasa sa mga klasikong akda.

Gayunpaman, mayroong mga pag-aaral na kagaya ni Puspitawati et. al., (2022) na "Interes sa Pagbasa at Satispaksyon ng mga Mag-aaral sa mga Teksto habang Nag-aaral sa Tahanan" na kung saan nakatuon sa interes at antas ng satispaksyon ng mga mag-aaral sa mga pangkagamitang pagkatuto na ginagamit habang nag-aaral sa luob ng bahay. Sinusuri nito kung paano nakaaapekto ang mga ito sa pangkalahatang karanasan ng mga mag-aaral sa pag-aaral sa luob ng tahanan. Habang sa pag-aaral nina Zur et al., (2022) na hinggil sa "Interes ng mga Mag-aaral sa Pagabasa ng mga Tekstong Ingles" na nakapokus sa pagsusuri ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa sa mga klasikong akda ng mga tekstong Ingles. Sinusuri nito ang mga salik na nakaaapekto sa interes ng mga mag-aaral at kung paano ito nakaaapekto sa pag-aaral ng wikang Ingles ng mga mag-aaral. Dahil dito ang pag-aaral na ito ay masasabing naiiba sa dalawang nabanggit na pag-aaral sapagkat ito ay tanging nakapokus sa antas ng interes sa pagbasa sa mga klasikong akda ng mga mag-aaral sa BSED Filipino na siyang nagpapatatag ng agwat sa ibang pag-aaral. Sa kabilang banda, wala pang nagpaptunay na may lokal na pag-aaral na kaugnay sa antas ng interes sa pagbasa sa mga klasikong akda.

### 1.1 Mga tanong sa pananaliksik

1. Gaano kataas ang antas ng interes sa pagbasa ng mga klasikong akda sa mga mag-aaral?
2. Ano ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa pagbasa sa mga klasikong akda?
3. Alin sa mga salik ang mga isinasaalang-alang ng mga mag-aaral sa pagbasa sa mga klasikong akda?
4. Ano ang mga pananaw ng mga mag-aaral sa pagbasa sa mga klasikong akda?
5. Ang mga impormasyon sa kwalitatibong pananaliksik ay nagpapatunay ba sa mga impormasyon sa kwantitatibong pananaliksik?

## II. Metodolohiya

### 2.1 Disenyo ng pananaliksik

Sa pag-aaral na ito ginamit ang dulog na mixed method convergent parallel, na kung saan ito ay pinaghalong kwantitatibo at kwalitatibong pananaliksik. Ang convergent parallel na disenyo ay sabay-sabay na isinasagawa ng mananaliksik ang mga aspektong kwantitatibo at kwalitatibo sa parehong panahon ng proseso ng pag-aaral, na tinitimbang ang mga pamamaraan nang pantay-pantay, sinuri ang dalawang bahagi nang magkahiwalay, at sinuri rin ang kolektibong resulta. Sa pamamagitan ng dulog na ito ay nasisiyasat ng mananaliksik ang interes sa pagbasa sa mga klasikong akda sa BSEd Filipino na siyang maaring magpalakas at magpahusay sa datos na nakalap sa pag-aaral na ito (Creswell & Plano Clark, 2011).

### 2.2 Lokasyon ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa lokal na paaralan ng Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology na makikita sa probinsya ng Davao del norte. Nakapaloob dito ang mga kursong education, criminology, business administration, office administration, public administration at agriculture na libreng inaalok sa mga mag-aaral, ito ay alinsunod ng RA 10931 o Universal Acess to Quility Tertiary Education Act ng Commission of Higher Education (CHED), ang mga programang ito ay akreditado ng ALCUCOA.

Noon ang paaralan na ito ay nasa ilalim ng programang Bukidnon State University (BSU) consortium sa taong 2005. Gayunpaman, makalipas ang limang taon ang Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology ay naging independyente na siyang naging bahagi ng CHED. Ang KCAST ay isa sa pampublikong

paaralan ng Kapalong, Davao del norte. Bilang karagdagan, ang munisipalidad kung saan nakatayo ang KCAST ay mayroong populasyong 81,068 batay sa senso 2020 na may labing-apat na mga barangay. Nakapaligid dito ang Agusan del sur sa hilagang parte, sa silangan naman ay ang Davao de oro, sa timog ay ang Asunscion at St. tomas habang sa kanluran ay ang bayan ng Talaingod at lalawiganin ng Bukidnon.

**2.3 Partisipante**

Sa kwantitatibong bahagi, nakalap ng mananaliksik ang datos ng populasyon sa pamamagitan ng isang pormal na liham bilang hiling sa pagkuha ng populasyon ng mga mag-aaral sa ikalawang taon sa BSED Filipino ng Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology, pagkatapos ipinakalkula ang sampol sa statiscian kaya sa BSEd Filipino sa ikalawang taon ng kolehiyo ay may kabuoang 132 na mag-aaral, 101 na mga babae at 31 na mga lalaki. Ayon sa kalkulasyon ng statiscian sa sampol ang angkop na bilang ng mag-aaral batay sa kasarian na sasagot sa sarbey ay 76 sa 101 na mga babae at 23 sa 31 na mga lalaki. Sa kabuoan, 99 na mga mag-aaral ang napabilang sa sampol mula sa 132 na mga mag-aaral sa kursong BSEd Filipino sa ikalawang taon sa kolehiyo at sa pagpili ng mga kalahok ay ginamit naman ang stratified random sampling.

Habang sa kwalitatibong bahagi naman, Ang bilang ng partisapante ay labing-apat (14), pito (7) sa IDI o In-depth Interview na kung saan isa-isa itong tatanungin hinggil sa mga katanungang hinanda para sa pag-aaral na ito, pito (7) sa FGD o Focus Group Discussion na kung saan ang mga kalahok sabay-sabay na tatanungin para sa pakikipagpanayamn ng mananaliksik. Sa pagpili ng mga partisipante ay ginamit naman ang purposive sampling.

**2.4 Instrumento**

Sa kwantitatibong bahagi, ang sarbey ay ang unang instrumentong ginamit para makuha ang mga datos hinggil sa interes sa pagbasa sa mga klasikong akda na may tatlong indikeytor na pagsisikap sa pagbasa, motibasyon sa pagbasa, pagpapalagay sa pagbasa. Gamit ang five-point likert scale, ang mga kalahok ay sumagot gamit ang iskala 5 hanggang 1, 5 kung napakataas at 1 kung napakababa. Para bigyang-kahulugan ang interes sa pagbasa sa mga klasikong akda sumangguni ito sa hanay ng mga paraan, paglalarawan at interpretasyong ipapakita sa ibaba.

Para sa bahaging kwalitatibo, ang mananaliksik ay naghanda ng interview protocol at FGD guide na siyang na-validate na ng panel ng mga ekspert. Ang mga katanungang nakapaloob ay binubuo ng open-ended na katanungan hinggil sa buhay na karanasan ng mga mag-aaral patungkol sa kanilang interes sa pagbasa sa mga klasikong akda.

**2.5 Pagsusuri ng Datos**

Sa bahaging kwantitatibo, ginamit ng mananaliksik ang descriptive statistics upang mailarawan at masuri ang datos na nakalap mula sa mga kalahok. Isa sa mga pangunahing ginamit na pamamaraam ay ang mean, na tumutukoy sa karaniwang halaga o average ng mga sagot. Dagdag pa, ang paggamit ng descriptive statistics ay nakatutulong upang mailhad nang malinaw ang kabuoang datos na nakalap sa mga partisipante sa paksang pinag-aralan.

Samantala sa kwalitatibong bahagi, sa pagsusuri ng datos ay ginamit ang thematic analysis. Ang mananaliksik ay nagsagawa ng paglilipat hinggil sa mga nakalap na mga datos nang sa gayon ay maisaayos ito ayon sa pagkasunod-sunod ng mga nakategorya ng mga tema na alinsunod sa mga nabuong pattern. Dahil dito, mabibigyan at matutugunan ang mga kasagutan ng mga kalahok sa naisagawang pag-aaral. Coding ang paraang ginamit ng mananaliksik upang mas mapadaling makalap at maintindihan ang mga datos. Bukod dito, ang mga temang gagamitin ay mas madaling matukoy, madali rin na mabalangkas ng mananaliksik ang mga temang naaayon sa pag-aanalisa sa mga sagot ng mga partisipante.

## III. RESULTA

**3.1 Antas ng Interes sa Pagbasa sa mga Klasikong Akda**

Ang antas ng interes sa pagbasa sa mga klasikong akda ng mga mag-aaral sa BSEd Filipino ay sinukat gamit ang sarbey na talatanungan na may tatlong indekeytor na pagsisikap, motibasyon at pagpapalagay ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga klasikong akda. Ang mga resulta ng mga sagot ng mga respondente sa indekeytor ay ipinakita at sinuri sa ibaba. Sa talahanayan 1 makikita ang kabuoang resulta sa antas ng interes sa pagbasa sa mga klasikong akda. Ang antas ng interes sa pagabasa sa mga klasikog akda ay binubuo ng tatlong indeykeytor na batay sa pagsisikap, motibasyon at pagpapalagay na kung saan may kabuoang mean na 3.80 o mataas na nangangahulugang madalas naipamalas.

**Talahanayan 1. Interes sa Pagbasa sa mga Klasikong Akda**

| Baryabol at Indikeytor | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| **A. Pagsisikap ng mga mag-aaral sa pagbasa** | | |
| 1. Nagbabasa ng mga klasikong akda kaysa sa aking mga kaklase. *(read classical work more than my classmates do.)* | 3.45 | Mataas |
| 2. nakakukuha ng maraming aral sa pamamagitan ng mga klasikong akda. *(can learn a lot from classical work.)* | 3.91 | Mataas |
| 3. nagbabasa lamang ng mga klasikong akda kapag kinakailangan. *(read only if I have to.)* | 3.71 | Mataas |
| 4. nakababasa pa ng mas mahaba, kung ang mga klasikong akda ay kawili-wili. *(can read even a longer, if classical works are interesting.)* | 4.16 | Mataas |
| 5. nagbabasa ng mga klasikong akda kahit ako ay hindi na pinapaalalahanan. *(read classical works if nobody reminds me to do it.)* | 3.47 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.74** | **Mataas** |
| **B. Motibasyon ng mga mag-aaral sa pagbasa** | | |
| 1. kadalasang natututo ng mga mahihirap na bagay sa pamamagitan ng mga klasikong akda. *(usually learn difficult things by reading classical works.)* | 3.80 | Mataas |
| 2. gustong magbasa nang mabuti hinggil sa mga klasikong akda. *(would like to read classical works better.)* | 3.99 | Mataas |
| 3. nagbabasa upang matuto ng mga bagong kaalaman tungkol sa mga paksang nakapupukaw sa aking interes. *(read to learn information about topic that interest me.)* | 4.19 | Mataas |
| 4. nagbabasa hinggil sa aking mga kinahihiligan at natututo ako sa pamamagitan nito. *(read about my hobbies and learn more about them.)* | 4.23 | Mataas |
| 5. gustong pinag-uusapan ang mga binabasang klasikong akda sa mga kaklase o kaibigan. *(like to talk about what I am reading to my classmates or friends.)* | 3.83 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.01** | **Mataas** |
| **C. Pagpapalagay ng mga mag-aaral sa pagbasa** | | |
| 1. nasisiyahan sa pagbabasa ng mga klasikong akda. *(enjoy reading classical works.)* | 3.97 | Mataas |
| 2. nawiwili sa mga klasikong akda. *(am interested in classical works.)* | 3.97 | Mataas |
| 3. nahihirapan na magbasa ng mga klasikong akda, batay sa aking palagay *(think reading classical works is hard.)* | 3.24 | Katamtaman |
| 4. walang naiintindihan at mahirap sa akin ang bumasa ng mga iilang klasikong akda. *(don't understand and it is too hard for me to read some classical works.)* | 2.96 | Katamataman |
| 5. naniniwala na kung ang isang tao ay madalas magbasa ng klasikong akda siya ay magiging isang mahusay na mag-aaral. *(belive that if one reads classical work a lot she or he will be a better student.)* | 4.16 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.64** | **Mataas** |
| **Pangkalahatang Kabuoan** | **3.80** | **Mataas** |

Sa talahanayan 1 ay ipinakita ang antas ng interes sa pagbasa sa mga klasikong akda ayon sa indekeytor na pagsisikap ng mga mag-aaral sa pagbasa sa mga klasikong akda. Batay sa resulta na may pangkalahatang mean sa kabuoan na 3.74 o mataas. Ang resulta ay nangangahulugan na ang antas ng interes sa pagbasa sa mga klasikong akda ay madalas na naipamalas. Nakalagay ang mga resulta sa pananaliksik na ito na mayroong mataas na pangkalahatang katayuan sa pagbasa sa mga klasikong akda. Ito ay nagpapakahulugan na ang antas sa pagbasa sa mga klasikong akda ay naipapakita o naisasagawa ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng proseso at pagsisikap sa pagbasa tulad ng aktibong pakikilahok, mas malamang na mapanatili ng mga mag-aaral ang impormasyon o kaalaman sa isipan at magkaroon ng patuloy na interes sa pagbasa na mas lalong hinuhukay ng kung ano nga ba ang naibibigay nito sa sarili (Retnaningtyas et al., 2024).

Makikita rin ang antas ng interes sa pagbasa sa mga klasikong akda batay sa indekeytor na motibasyon. Sa bahaging ito ang resulta ay may pangkalahatang mean sa kabuoan na 3.56 o mataas. Na nangangahulugan na ang antas ng interes sa pagbasa sa mga klasikong akda ay madalas na naipamalas. Batay sa resultang nakalap ang indekeytor na ito ay may mataas na antas. Ibig sabihin na ang mga mag-aaral ay mayroong motibasyon sa

pagbabasa sa mga klasikong akda. Ang motibasyon sa pagbabasa ay isang salik sa pagkakaroon ng interes ng mga mag-aaral sa isang akda. Naiimpluwensyahan ang motibasyon ng mga mag-aaral dahil sa isa ring salik nito na nakakukuha ng impormasyon o aral kapag ang paksa nito ay kawili-wiling basahin, sa pamamagitan nito ang kagustohang bumasa ay naipapakita ng mga mag-aaral. Karagdagan nito, ang pagbabasa na kung saan nakasasalamuha ng mga bagay na sa tingin ay bago ay napupukaw nito ang pagiging interesado sa pagbabasa (Zur et al., 2022).

Dagdag pa, makikita rin ang antas ng interes sa pagbasa sa mga klasikong akda batay sa indekeytor na pagpapalagay. Ang pangkalahatang kabuoang resulta sa bahaging ito ay may mean na 3.64 o mataas. Kaya, ang antas ng interes sa pagbasa sa mga klasikong akda ay madalas na naipamalas. Sa resulta ng pananaliksik ang indekeytor na ito ay may kabuoang rating na mataas. Sa pamamagitan nito ang mga mag-aaral ay naipapakita ang pagpapalagay sa pagbasa sa mga klasikong akda. Ang pagpapalagay ng mga mag-aaral sa pagbasa ay isang salik sa pagkakaroon ng interes sa pagbasa partikular na sa mga klasikong akda. Ang mga mag-aaral ay naniniwala na ang pababasa ng maraming teksto ay hinuhubog ang mga mag-aaral bilang isang mahusay na mag-aaral. Bukod dito nagbibigay kasiyahan din ang isang teksto o sa madaling salita pinaniniwalaan na nagbibigay ng interes ang pagbabasa sa mga teksto o akda (Zur et al., 2022).

**3.2 Ang Karanasan ng mga Mag-aaral sa Pagbasa sa mga Klasikong Akda.**

Ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa pagbabasa sa mga klasikong akda ay nailahad batay sa resulta sa Talahanayan 2. Mapapansin ang mga isyung sinuri na siyang paraan upang mabuo ang mga pangunahing tema, code o kategorya at pangunahing ideya. Ito ay naglalayong magkaroon ng mas mahusay na pag-unawa sa mga karanasan ng mga mag-aaral sa BSEd Filipino. Sa pamamagitan nito, ang iba't ibang pahayag batay sa iba't ibang mga may-akda at mga teorista ay ipinakita kaugnay sa mga karanasang ito.

**Talahanayan 2. Ang Karanasan ng mga Mag-aaral sa Pagbasa sa mga Klasikong Akda.**

| ISYUNG SINURI | PANGUNAHING IDEYA | CODE/KATEGORYA | PANGUNAHING TEMA | TEORITIKAL NA SUPORTA |
|---|---|---|---|---|
| Mga Reaksyon o emosyon sa pagbasa sa mga klasikong akda | • gumagamit ng mga salitang ginamit at pangyayari sa kwento ng akda.<br>• gumamit ng banghay na hindi mababasa sa modernisasyong akda.<br>• nagbibigay ng aral sa mga mambabasa.<br>• Gumamit ng mga malalim na salita kaya ay nagdudulot ng reaksyong pagkalito. | Paggamit ng Wika at Banghay sa Panitikan | Pagpapahalaga sa Wika, Banghay, at Damdamin sa Panitikan | Reader-Response Theory by Louise Rosenblatt (1938) |
| | • nakapaloob ang masasaya at nakalulungkot na mensahe.<br>• nagsasaad ng mga pangyayari sa nakaraan.<br>• nakaramdam ng iba't ibang emosyon dahil sa nakapaloob sa akda. | Pagpapahayag ng Emosyon at Karanasan sa Panitikan | | |
| Mga hamon sa pag-unawa sa mga klasikong akda mula sa pananaw ng wika, estilo at konteksto | • nalilito sa estilong ginamit ng may-akda at kailangan ng masusing pag-unawa sa konteksto.<br>• ang pagkasulat ay may iba't ibang daloy.<br>• nahihirapan sa salita, nalilito sa estilo at kailangan ang | Masusing Pag-unawa sa Estilo at Konteksto | Masusing Pagsusuri sa Wika, Estilo, at Konteksto | Depth of Processing Theory by Craik |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | maraming bokabularyo sa pag-unawa ng konteksto. | | | and Lockhart (1972) |
| | • hindi naiintindihan ang wika sapagkat may malalim na kahulugan.<br>• ginamit ang mga malalalim na salita at mataas ang babasahing teksto.<br>• hindi malawak ang bokabularyo at hindi naiintindihan ang konteksto ng may-akda. | Pag-unawa sa Malalim na Wika at Konteksto | | |
| Impluwensya ng klasikong akda sa pag-unawa at pagpapahalaga sa Panitikan. | • may nakapaloob na moralidad.<br>• may mga aral na ginamit o naisasabuhay ng mga mambabasa. | Pagtuklas ng Moralidad at Aral sa Panitikan | Pagtuklas ng Aral at Kahalagahan ng Panitikan | Transactional Theory of Reading by Rosenblatt (1978) |
| | • nagkaroon ng mataas na antas sa pag-unawa dahil sa pagbasa.<br>• nakaimpluwensya sa sariling karanasan sa pag-unawa ng mga salita.<br>• kakikitaan ng konsepto, ideya at kultura at sumasalamin sa pag-unlad ng Lipunan. | Tulay sa Malalim na Pag-unawa ng Kultura | | |
| Epekto ng pagbabasa sa mga klasikong akda sa mga mambabasa ng Panitikan | • kapupulutan ng aral ngunit sa kabilang banda ay mataas ang babasahin<br>• gumamit ng mga aral para sa pag-unawa ngunit nakababagot. | Pagtuklas ng Aral Kahit Nababagot | Pagtuklas ng Aral at Kultura sa Panitikan | Lexical Quality Hypothesis of Perfetti (2007) |
| | • nagsilbing impluwensya sa pag-unawa at pagpapahalaga sa klasikong akda.<br>• nakapaloob ang mga pangyayari sa nakaraan.<br>• nagbibigay ng aral at pag-unawa sa mga pangyayari sa nakaraan.<br>• nagpapalawak sa bokabularyo at nagbibigay kaalaman sa kasaysayan at kultura ngunit nahihirapan sa salitag ginamit. | Pagpapahalaga sa Klasikong Akda at Kasaysayan | | |
| Pagtangkilik ng klasikong akda sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pag-unawa at bokabularyo. | • ginamit ang mga salitang hindi pamilyar o bago sa pandinig<br>• nagbibigay pagkakataon na magamit ang mga salitang malalim. | Pagpapayaman ng Wika sa Pag-aaral ng Filipino | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | • ginamit bilang instrumento sa kursong Filipino. | | Pagpapalalim ng Wika at Pag-unawa sa Filipino | Cognitive Development Theory of Piaget (1987) |
| | • mayroong komplikadong salita at estilo dahilan ng pag-aanalisa.<br>• ang malalalim na salita ay nag-uudyok sa malalim na pag-unawa | Pagsusuri at Malalim na Pag-unawa sa Wika | | |

Inihayag ang resulta batay sa pagbabasa sa mga klasikong akda ng mga kalahok. Ito ay nagbibigay pagpapahalaga sa wika, banghay at damdamin sa panitikan nakapaloob dito ang paggamit ng wika at banghay sa panitikan at pagpapahayag ng emosyon at karanasan sa panitikan. Ang resulta ay sinusupurtahan ng *Reader-response Theory* ni Rosenblatt (1938) binibigyang-diin dito ang kahalagahan ng mambabasa sa paggawa ng kahulugan galing sa akda. Sa pagbabasa sa mga klasikong akda, ang mambabasa ay nailalahad ang kahulugan sa pamamagitan ng mga binibitiwang damdamin o ang pagpapahalaga mismo sa wika at banghay ng panitikan. Ibig sabihin nito, ang silbing tugon sa pagbabasa ng mga klasikong akda ay ang mismong ipinalabas na damdamin at pagpapahalaga ng mambabasa.

Sa pagbabasa sa isang akda ang mga mag-aaral ay nakalilikha ng iba't ibang tugon mula sa mga binabasang akda kagaya ng mga akdang klasiko, dahil dito ang mga mag-aaral ay nakapagpapaliwanag sa mga pangyayari, nakapagtatasa sa wikang ginamit, nakapaghahambing sa mga kultura na ibinahagi sa akda, nakapagdadahila, nakapag-iisip at nakapagsusulat ng buod sa kwentong ibinahagi sa isang klasikong akda. Dagdag pa, ang mga mag-aaral ay nakapagsasagawa ng kahulugan, nagagamit ang sariling bokabaularyo na nakuha sa pagbabasa at nasisiyahan sa pakikinig sa bawat ikinukwento. Dahil sa mga tugon na ipinapakita ng mga mag-aaral napapahalagan ang panitikan partikular na ang kabuong hatid na aral ng isang akda (Boubeker, 2021).

Inihayag ang resulta batay sa pagbabasa sa mga klasikong akda ng mga kalahok. Ang pagbabasa sa mga klasikong akda ng mga mag-aaral ay nagdudulot ng masusing pagsusuri sa wika, estilo at konteksto na kung saaan nakapaloob dito ang masusing pag-unawa sa estilo at konteksto at pag-unawa sa malalim na wika at konteksto. Ang resulta ay sinusupurtahan ng *Depth of Processing Theory* ni Craik and Lockhart (1972) ang *level of deep processing* ay nakasentro sa kahulugan at konteksto ng impormasyon na humahantong sa malalim na pag-unawa at pagpapalawak ng kakayahang umalala. Ang masusing pagsusuri ay isang proseso ng pagpapalalim sa kaalaman o pag-unawa sa akda. Ang wika, estilo at konteksto ay ang mismong binibigyan ng malalim na pag-unawa at pagpapalawak ng isipan na panatilihin ito.

Ang mga elementong ginamit sa konteksto ng isang akda partikular na sa mga karakter, tema at mga simbolismo ay isa sa mga salik na naging batayan sa pagsusuri ng isang akda. Dagdag pa, ang wikang ginamit at estilong inilunsad sa pagsusulat ng akda. Sa pamamagitan ng mga salik na ito na siyang naging batayan sa pagsusuri ng isang akda ay mas nagkakaroon ng mahusay na paraan sa masusing pagsusuri tungo sa pagpapa-unlad ng kasanayan ng mga mambabasa (Concepcion & Alcala, 2024).

Sa pagbabasa ng klasikong akda, ito ay nagdudulot ng pagtuklas ng aral at kultura sa panitikan nakapaloob dito ang pagtuklas ng moralidad at aral sa panitikan at tulay sa malalim na pag-unawa ng kultura. Ang resulta ay sinusupurtahan ng *Transactional Theory of Reading* ni Rosenblatt (1978) binibigyang diin dito na ang parehong mambabasa at ng teksto o akda ay may malaking kahalagahan pagdating sa pagbuo ng kahulugan. Ang mambabasa at ang klasikong akdang binasa ay ang paraan sa pagpapahayag ng mismong kahulugan na nakapaloob sa akda.

Sa pagbabasa ng isang akda, ang mga mag-aaral ay napapahusay ang kakayahan sa pagsusuri. Napa-uunlad nito ang kakayahan sa pagtuklas ng mga aral at kultura na inihayag o ibinahagi sa akda. Dagdag pa, nahahasa rin ang pag-unawa ng mga mag-aaral hinggil sa aral at kultura na nakapaloob sa panitikan. Dahil dito mas napa-uunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng mga kahulugan sa binasang akda at mas napapadali ang pagtuklas ng mga ng mga kahulugan sa mga salitang ginamit na siyang mas nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa kultura at panitikan (Ada & Marbella, 2024).

Batay sa pagbabasa sa mga klasikong akda ng mga kalahok, ito ay nagdudulot ng pagtuklas ng aral at kahalagahan ng panitikan nakapaloob dito ang pagtuklas ng aral kahit nababagot at pagpapahalaga sa klasikong akda at kasaysayan. Ang resulta ay sinusupurtahan ng *Lexical Quality Hypothesis* ni Perfetti (2007) ipinapahayag dito ang kalidad ng mga representasyon ng mga salita sa isipan na kung saan may malaking epekto sa kakayahan sa pagbasa at pag-unawa. Ang mas mataas na kalidad ng representasyon, mas madali at tumpak ang pag-unawa sa akda. Sa pagbabasa gamit ang mga letrang nakikita ito ay nakabubuo ng mensahe at sa pamamagitan nito ang mga aral at kahalagahan ng klasikong akda ay mas malalim na nauunawan.

Dagdag pa, ang pagbabasa ay nagbibigay ng oportunidad sa mga mambabasa na gamitin ang imahinasyon sa mundo ng akda na kung saan binibigyang pagkakataon ang isipan na magbigay larawan sa mga pangyayaring natagpuan sa akdang binasa. Ang pagbabasa ay hindi lamang ang pagkilala sa mga titik, salita, at pangungusap. Ito ay isang kumplikadong proseso ng pag-iisip kung saan aktibong sinusuri upang maunawaan ang impormasyong ipinakita sa nakasulat na teksto o akda partikular na sa mga klasikong akda. Kasama dito ang kritikal na pag-iisip tungkol sa nilalaman at pagbibigay-kahulugan sa nilalayong kahulugan ng may-akda (Dewi et al., 2023).

Inihayag ang resulta batay sa pagbabasa sa mga klasikong akda ng mga kalahok. Ito ay nagdudulot ng pagpapalalim ng wika at pag-unawa sa Filipino nakapaloob dito ang pagpapayaman ng wika sa pag-aaral ng Filipino at pagsusuri at malalim na pag-unawa sa wika. Ang resulta ay sinusupurtahan ng *Cognitive Development Theory* ni Piaget (1987) ang pagbabasa ay isang proseso ng pag-iisip. Ang mga mensahe sa akda ay pinoproseso sa isipan upang ito ay mabuo at maunawaan. Binibigyang-diin dito ang pag-unlad ng isipan ng mambabasa batay sa nakapaloob sa mga klasikong akda.

Ang mga klasikong teksto o akda ay naging mahirap sa mga mag-aaral sapagkat batay sa pagpapalagay ng iba ang pagbabasa sa mga klasikong akda ay kakikitaan ng mga malalalim na salita. Datapwat, may mga interbensyon na idinisenyo upang mag-udyok ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa na kung saan nagpakita ng pinakamahalagang epekto sa parehong motibasyon sa pagbabasa at pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral at ito ay may mga implikasyon para sa mga guro na nakatuon sa pagpapahusay sa pagbabasa, mga tagapagpapa-unlad ng mga pamamaraan sa edukasyon at mga kawani sa mga desisyon sa kurikulum para sa edukasyon sa pagbabasa (Dunford, 2021; Van der Sande et al., 2023).

**3.3 Ang Isinasaalang-alang ng mga Mag-aaral sa Pagbasa sa mga Klasikong Akda.**

Ang mga isinasaalang-alang sa pagpapangasiwa ng mga mag-aaral sa BSEd Filipino hinggil sa pagbabasa sa mga klasikong akda ay nailahad sa talahanayan 3. Mapapansin ang iba't ibang isyung sinuri na siyang dahilan sa pagbuo ng mga pangunahing ideya na pinagsama-sama sa mga tema.

**Talahanayan 3. Ang Isinasaalang-alang ng mga Mag-aaral sa Pagbasa sa mga Klasikong Akda.**

| ISYUNG SINURI | PANGUNAHING IDEYA | CODE/KATEGORYA | PANGUNAHING TEMA | TEORITIKAL NA SUPORTA |
|---|---|---|---|---|
| Batayan sa pagpapanatili ng interes sa pagbasa sa mga klasikong akda. | • gumamit ng batayan sa pagpapnatili ng interes sa pagbasa sa mga klasikong akda<br>• paraan para sa interes sa pagbasa. | Pagpapanatili ng Interes sa Pagbasa ng Akda | Paglinang ng Interes sa Makabuluhang Akda | Four-Phase Model of Interest Development by Hidi and Rennninger (2006) |
| | • kasikatan ng manunulat<br>• ang daloy sa isunulat na akda.<br>• Nakapupukaw-pansin na paksa.<br>• gamit ang magandang paksa. | Pagtuklas ng Sikat at Kawili-wiling Akda | | |
| Paraan sa pagbasa tungo sa pag-unawa sa mga klasikong akda | • gamit sa pag-unawa ng mga salitang hindi pamilyar<br>• paraan sa pagpapabilis sa pag-unawa sa akda. | Paggamit ng diksyonaryo sa Pagbabasa | | |
| | • paraan sa pagkolekta sa mga mahahalagang detalye<br>• paraan sa pag-alala sa mga aral na nakuha. | Pagtupi at Pagtatala ng Mahahalagang Detalye | | |
| | • instrumento sa pagbibigay kahulugan ng malalim na salita | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | • paraan sa pag-unawa ng mga salitang ginamit. | Pagsasagawa ng Saliksik sa Akdang Binasa | Mabisang Paraan sa Mas Malalim na Pag-unawa ng Klasikong Akda | Cognitive theory of multimedia learning by Richard E. Mayer (2001) |
| | • paraan para iwasan ang mga negatibong karanasan sa pagbabasa.<br>• para mabigyang linaw ang pag-iisip bago ang pagbabasa ulit | Maglaan ng Oras Upang Magpahinga | | |
| | • malaman ang malalalim na kahulugan.<br>• mapalawak ang kaalaman. | Pag-unawa sa Malalim na Kahulugan ng Akda | | |
| | • bilang proseso sa pagbasa.<br>• paraan sa pag-unawa. | Pag-uulit ng Pagbasa para sa Mas Malinaw na Pag-unawa | | |
| Pamamaraang ginamit sa pagpapanatili ng kahalagahan sa pagbasa sa mga klasikong akda. | • nakatutulong sa paghihikayat ng iba upang bumasa<br>• paraan sa pagpapanatili ng kahalagahan ng akda. | Paghihikayat at Pagpapanatili ng Interes sa Akda | Pagtuklas at Pagpapanatili ng Kahalagahan ng Akda | Martha Nussabaum's Theory Of Moral Education Through Literarture Martha nussabaum (1990's) |
| | • mayroong nakapaloob na aral.<br>• kapupulutan ng magandang aral o *moral lessons.* | Pagtuklas ng Mahahalagang Aral sa Akda | | |

Sa pagbabasa sa mga klasikong akda ng mga kalahok. Ito ay nagdudulot ng paglinang ng interes sa makabuluhang akda nakapaloob dito ang pagpapanatili ng interes sa pagbasa ng akda at pagtuklas ng sikat at kawili-wiling akda. Ang resulta ay sinusupurtahan ng *Four-Phase Model of Interest Development* ni Hidi and Rennninger (2006) ang mga bahagi ng model ito ay ang *triggered situational interest* na kung saan ang interes ay panandalian pa lamang at ito ay nakatuon palamang sa kagustohang bumasa sa pamamagitan ng mga ipinapakitang pangyayari. Sa *emerging individual interest* naman dito ang interes ay nagsisimulang magkaroon ng personal kahulugan at nagiging mas malalim. Sa pangatlo naman ay *developing commited interest*, ang interes ay naging pangmatagalan at nakatuon sa isang partikular na paksa. Sa panghuling bahagi ang *sustained interest*, ang interes ay naging bahagi na ng tao kungbaga ang mambabasa ay tinanggap na ang pagbabasa sa mga klasikong akda bilang bahagi ng buhay.

Ipinahayag sa isang pag-aaral na ang interes sa pagbabasa ay may mahalagang kontribusyon sa tagumpay ng mga mag-aaral. Ang motibasyon at ang panloob na kamalayan ng isang mag-aaral sa kanilang kakayahan sa pagbabasa ng isang klasikong akda ay may positibong epekto sa kanilang mga kasanayan sa pagbabasa. Ang motibasyon ay partikular na maimpluwensya sa pag-udyok ng interes sa pagbabasa. Ang *intrinsic motivation,* na nagmumula sa tunay na pagkawili sa pagbabasa ay may positibong epekto sa pakikipag-ugnayan sa pagbasa. Bukod dito, ang paraan sa pagkatuto ng mga mag-aaral na magbasa ay isa pang mahalagang salik na nakakaapekto sa kanilang interes sa pagbabasa (Jannah et al., 2023).

Ang pagbabasa sa isang akda partikular na sa mga klasikong akda ay nagdudulot ng mabisang paraan sa mas malalim na pag-unawa ng klasikong akda nakapaloob dito ang paggamit ng diksyunaryo sa pagbabasa, pagtupi at pagtatala ng mahahalagang detalye, pagsasagawa ng saliksik sa akdang binasa, maglaan ng oras upang magpahinga, pag-unawa sa malalim na kahulugan ng akda at pag-uulit ng pagbasa para sa malinaw na pag-unawa. Ang resulta ay sinusupurtahan ng *Cognitive theory of multimedia learning* ni Mayer (2001) bibibigayng-diin dito ang kahalagahan ng aktibong proseso sa pag-iisip na tumukoy, mag-organisa at pagbubuo ng impormasyon. Ang mambabasa ay nakakaunawa ng mas malalim sa pamamagitan ng paraan nagpapadali sa pagkatuto.

Batay sa isang pananaliksik, sa paraan ng paghahanap o pananaliksik ay ginamit ng mga mag-aaral ang *online resources* sapagkat sa tulong nito mas napapa-ikli ang paghahanap ng impormasyon o kahulugan ng mga salitang ginamit tungo sa pag-unawa sa isang akda. Nakatutulong ito sa mga mag-aaral na malaman ang mensahe ng akda. Bilang karagdagan, sa pamamagitan din nito mas maraming kaalaman ang nakukuha (Golloso et al., 2022).

Batay sa nakalap na mga datos ang pagababasa sa mga klasikong akda ay nagdudulot ng pagtuklas at pagpapanatili ng kahalagahan ng akda nakapaloob dito ang paghihikayat at pagpapanatili ng interes sa akda at pagtuklas ng mahahalagang aral sa akda. Ang resulta ay sinusupurtahan ng *Martha Nussabaum's Theory of Moral Education through Literarture,* Nussabaum (1990's) ito ay nagsasaad na ang panitikan o mga klasikong akda ay may mahalagang papel pagdating sa moral na aspeto sapagkat pinauunlad nito ang moralidad ng isang mambabasa. Binibigyang pagkakataon nito na maunawaan ang buhay tulad ng emosyon, relasyon at ang moralidad.

Ang mga akda na may malaking antas pagdating sa kaalaman bilang batayan ng mga mag-aaral sa pagkatuto at pagtuklas ng ibang bagay ay nabibigyang-lalim nito ang pang-unawa at kahalagahan ng akdang pamapanitikan. Ang mga akda na nagkakaroon ng koneksyon sa mambabasa, ang pagkakaroon ng interes ay mas naipapakita ng mambabasa. Dahil dito, mas napalalakas ang pundasyon ng kaisipan ng mga mag-aaral bilang mambabasa ng isang akda at mas napapalalim ang pang-unawa at kahalagahan ng akdang pampanitikan (Martinez, 2020).

**3.4 Ang pananaw ng mga mag-aaral sa BSEd Filipino hinggil sa pagbasa ng mga klasikong akda.**

Ang mga pananaw ng mga mag-aaral sa BSEd Filipino tungkol sa pagbabasa sa mga klasikong akda ay ipinakita sa na-unang kabanata. Kapansin-pansin, ang samot-saring natuklasan ang mag-aaral sa kanilang pananaw hinggil sa pagbasa sa mga klasikong akda. Ito ay sinisiyasat na nagbunsod ng iba't ibang mga pangunahing ideya na pinagsama-sama sa mga tema.

**Talahanayan 4. Ang pananaw ng mga mag-aaral sa BSEd Filipino hinggil sa pagbasa ng mga klasikong akda**

| ISYUNG SINURI | PANGUNAHING IDEYA | CODE/KATEGORYA | PANGUNAHING TEMA | TEORITIKAL NA SUPORTA |
|---|---|---|---|---|
| Epekto ng pagbabasa sa mga klasikong akda sa kahalagahan ng panitikan. | • nagbibigay kaalaman hinggil sa wika.<br>• nakapaloob ang mga aral sa iba't ibang aspekto ng buhay tulad ng moralidad, politika at kultura.<br>• nagagamit sa buhay. | Pagpapalawak ng Kaalaman sa Wika at Buhay | Pagpapahalaga sa Wika, Kultura, at Kasaysayan Noon | Sapir-Whorf Hypothesis (Linguistic Relativity Theory) by Sapir and Whorf (1956). |
| | • paraan sa pagkakakilanlan ng mga Filipino.<br>• nagbigay kahalagahan sa buhay ng mga Pilipino. | Pagpapahalaga sa Kulturang Pilipino | | |
| | • nagbibigay kaalaman at nagpapalawak ng bokabularyo.<br>• napahahalagahan ang kasaysayan. | Pagpapalawak ng Kaalaman at Pagpapahalaga sa Kasaysayan | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | • sumasalamin sa kasaysayan at kultura noon<br>• nagsasalaysay ng mga pangyayari noon<br>• nakapaloob ang mga sakripisyo | Pagsasalamin sa Kasaysayan, Kultura, at Sakripisyo Noon | | |
| Pagtataguyod ng mga paraan sa masusing pagbabasa ng mga klasikong akda | • pagbabasa ng mabuti sa klasikong akda.<br>• paglalaan ng oras sa pagbabasa ng ibat-ibang klasikong akda. | Paglalaan ng Oras sa Pagbasa ng Klasikong Akda | Paglalaan ng Panahon sa Masusing Pag-unawa ng Akda | Transactional Theory of Reading by Rosenblatt (1978). |
| | • kailangang basahin ng mabuti ang mga klasikong akda.<br>• unawain ng mabuti ang akda. | Masusing Pagbasa at Pag-unawa sa Klasikong Akda | | |

Sa pagbabasa sa mga klasikong akda ng mga kalahok. Ito ay nagdudulot ng pagpapahalaga sa wika, kultura, at kasaysayan noon nakapaloob dito ang pagpapalawak ng kaalaman sa wika at buhay, pagpapahalaga sa kulturang Pilipino, pagpapalawak ng kaalaman at pagpapahalaga sa kasaysayan at pagsasalamin sa kasaysayan, kultura at sakripisyo noon. Ang resulta ay sinusupurtahan ng *Sapir-Whorf Hypothesis (Linguistic Relativity Theory)* ni Sapir and Whorf (1956) dito binagyang diin na ang wikang sinasalita ng isang individwal ay nakaapekto sa pananaw nito. sa kabilang dako, ang wikang ginagamit sa isang klasikong akda ay nakaiimpluwensya sa pananaw sa realidad, kaisipan, at pananaw sa mundong ginagalawan.

Ang paggamit ng wikang Filipino bilang kasangkapan sa pagpapayabong ng kultura at kasaysayan ay ang dahilan sa pagpapahalaga ng panitikan. Isinasaad na ang wikang ginamit ay may malaking tulong sa pag-unawa ng identidad ng isang Filipino. Dito naipapakita at binibigyang kaisipan ang kultura at kasaysayan noon. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kaalaman hingiil sa wika at pagkilala sa kultura at kasaysayan ay nagpapakita ito ng pagpapahalaga (Darupan et al., 2024).

Dagdag pa, ito ay nagdudulot ng paglalaan ng panahon sa masusing pag-unawa ng akda nakapaloob dito ang paglalaan ng oras sa pagbasa ng klasikong akda at masusing pagbasa at pag-unawa sa klasikong akda. Ang resulta ay sinusupurtahan ng *Transactional Theory of Reading* ni Rosenblatt (1978) dito ang mambabasa at ang akda ay may malaking kontribusyon sa paggawa ng kahulugan. Ang paglalaan ng panahon sa masusing pag-unawa ng klasikong akda ay isang halimbawa na ang mambabasa at akdang binasa ay mayroong ugnayan sa isa't isa. Kungbaga dahil sa klasikong akda ang isang indibidwal ay nagsisikap sa pag-unawa, sa pamamagitan nito naiproseso ang pagbuo ng kahulugan sa isip ng mambabasa.

Ang pagsisikap sa pagbabasa ay isang daan rin sa paglalaan ng oras tungo sa pag-unawa ng binasang teksto. Kung ang mga mag-aaral ay napahahalagahan ang pagbabasa bilang daan sa tagumpay sa pangakademikong larangan, personal na interes o mga hinahangad sa hinaharap mas naguudyok sila na magsumikap sa pagbabasa para sa pag-unawa nito. Dagdag nito, na kapag ang mga mag-aaral ay mataas ang pagganyak sa pagbabasa o interes sa pagbabasa malamang na aktibong makipag-ugnayan ito sa mga babasahing akda, kaya sila ay naglalaan ng oras o pagsisikap (Kheang et al., 2023).

**3.5 Pagsama-sama ng Mahahalagang Data na Natuklasan sa Kwantitatiibo at Kwalitatibo**

Ang mga resultang ipinakita sa pagsama-sama ng kwantitatibo at kwalitatibong pag-aaral ay may ugnayan sa *focal point*. Ang bawat implikasyon ng sikolohikal ay nagpapatibay sa parehong resulta na nakita sa bawat indekeytor at tema.

**Talahanayan 5. Pagpapakita ng Mahahalagang Natuklasan sa Pinagsanib na Kwantitatibo at Kwalitatibo**

| Aspekto o focal point | Kwantitatibong natuklasan | Kwalitatibong natuklasan | Likas na integrasyon ng data | Aksiolohikal na implikasyon |
|---|---|---|---|---|
| Antas ng interes sa pagbasa sa mga klasikong akda. | Talahanayan 1 sa *pagsisikap sa pagbasa mga mag-aaral sa mga klasikong akda* aytem 2 na *ang mag-aaral ay nakakukuha ng maraming aral sa pamamagitan ng mga klasikong akda* (M=3.91) ay may marka na mataas. | Talahanayan 2.3 na may pangunahing ideya *na nagbibigay kaalaman hinggil sa wika, nakapaloob ang mga aral sa iba't ibang aspekto ng buhay tulad ng moralidad, politika at kultura at nagagamit sa buhay.* Ito ay may code na *pagpapalawak ng kaalaman sa wika at buhay*, sa ilalim ng temang *pagpapahalaga sa wika, kultura at kasaysayan noon.* | Merging-converging | **Nagpapakita na ang mga mag-aaral ay nabibigyang aral sapagkat nakapaloob sa akda ang mga aral ukol sa wika, moralidad, politika, kultura at buhay kaya ang mga mag-aaral ay nakakakuha ng mga aral sa pamamagitan ng mga klasikong akda.** |
| | Talahanayan 1 sa *motibasyon sa pagbasa mga mag-aaral sa mga klasikong akda* aytem 5 *ang mag-aaral ay gustong pinag-uusapan ang mga binabasang klasikong akda sa mga kaklase o kaibigan* (M=3.83) ay may marka na mataas. | Talahanayan 2.2 na may pangunahing ideya na *nakatutulong sa paghihikayat ng iba upang bumasa at paraan sa pagpapanatili ng kahalagahan ng akda.* Ito ay may code na *paghihikayat at pagpapanatili ng interes* sa akda na may temang *pagtuklas at pagpapanatili ng kahalagahan ng akda*. | Merging-converging | **Nagpapakita na ang mga mag-aaral ay gustong pinag-uusapan ang akda at hinihikayat sa iba kaya ang binasang klasikong akda ng mga mag-aaral ay naibabahagi sa iba.** |
| | Talahanayan 1 sa *pagpapalagay sa pagbasa* ng *mga mag-aaral sa mga klasikong akda* aytem 1 na *ang mga mag-aaral ay nasisiyahan sa pagbabasa sa mga klasikong akda* (M=3.97) ay may marka na mataas | Talahanayan 2.1 na may pangunahing ideya na *nakapaloob ang masasaya at nakalulungkot na mensahe, nagsasaad ng mga pangyayari sa nakaraan at nakaramdam ng iba't ibang emosyon dahil sa nakapaloob sa akda.* Ito ay may code na *pagpapahayag ng emosyon at karanasan sa panitikan* sa ilalim ng temang *pagpapahalaga sa wika, banghay at damdamin sa panitikan*. | Merging-converging | **Nagpapakita na sa pamamagitan ng pagbabasa sa mga klasikong akda ang mga mag-aaral ay nakaramdam ng kasiyahan, kalungkotan o iba't ibang emosyon dahil sa nakapaloob na mga pangyayari sa akda kaya ang mga mag-aaral ay nakapagpapahayag ng emosyon sa pagbabasa sa mga klasikong akda.** |

Sa indekeytor na pagsisikap sa pagbasa at sa temang pagpapahalaga sa wika, kultura at kasaysayan noon nailahad ang *corrobotive* batay sa antas ng interes sa pagbasa sa mga klasikong akda. Batay sa indekeytor ang mag-aaral ay nakakukuha ng maraming aral sa pamamagitan ng mga klasikong akda na may mataas na rating samantala sa tema naman ay may pangunahing ideya na nagbibigay kaalaman hinggil sa wika,nakapaloob ang mga aral sa iba't ibang aspekto ng buhay tulad ng moralidad, politika at kultura at nagagamit sa buhay. Ito ay may code na pagpapalawak ng kaalaman sa wika at buhay.

Mahalaga ang mga aral ng klasikong akda sa mga mag-aaral sapagkat sa pamamagitan nito ay nagkakaroon ng mas malawak na pag-unawa sa mundo at sa kasaysayan nito. Karagdagan nito, mahalaga rin ang mga klasikong akda sa pagbibigay ng konteksto sa kasaysayan at pananaw sa kultura, na nag-aalok ng daan sa mga saloobin at paniniwala ng mga tao mula sa iba't ibang panahon at kultura. Mahalaga ang pagkakaroon ng kaalaman sa sa mga klasikong panitikan para sa pagkakaroon ng makabuluhang ugnayan at pagiging maalam sa pangkalahatan (Levin, 2023).

Sa kabilang dako naman ang indekeytor na motibasyon sa pagbasa at ang temang pagtuklas at pagpapanatili ng kahalagahan ng akda ay natuklasan ang *corrobotive* hinggil sa antas ng interes sa pagbasa. Sa indekeytor ang mag-aaral ay gustong pinag-uusapan ang mga binabasang klasikong akda sa mga kaklase o kaibigan, ito ay may mataas na *rating* batay sa resulta. Habang sa tema naman na may pangunahing ideya na nakatutulong sa paghihikayat ng iba upang bumasa at paraan sa pagpapanatili ng kahalagahan ng akda. Ito ay may code na paghihikayat at pagpapanatili ng interes sa akda. Napatitibay ang pagpapahalaga, kaugnayan at pag-unawa sa mga akda dahil sa pagbabahagi ng karanasan sa pagbasa (Toress, 2022).

Samantala, sa indekeytor na pagpapalagay sa pagbasa at sa temang pagpapahalaga sa wika, banghay at damdamin sa panitikan ay kakikitaan din ng *corroboration* batay sa antas ng interes sa pagbasa sa mga klasikong akda. Sa indekeytor na may mataas na rating, ang mga mag-aaral ay nasisiyahan sa pagbabasa sa mga klasikong akda. Sa tema naman na may code na pagpapahayag ng emosyon at karanasan sa panitikan at may pangunahing ideya na nakapaloob ang masasaya at nakalulungkot na mensahe, nagsasaad ng mga pangyayari sa nakaraan at nakaramdam ng iba't ibang emosyon dahil sa nakapaloob sa akda. Ang pagpapahalaga sa panitikan ay naguudyok sa mambabasa na magkaroon ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa akda. Kapag ang mambabasa ay nagkakaroon ng koneksyon sa binabasang akda tiyak ay mayroong mailalabas na damdamin o emosyon (Colangelo, 2021).

## IV. KONKLUSYON

Batay sa resulta ng pananaliksik na ito, narito ang mga sumusunod na konklusyon:

Una, ang antas ng interes sa pagbasa sa mga klasikong akda ng mga mag-aral ay mataas batay sa mga indekeytor na pagsisikap, motibasyon at pagpapalagay ng mga mag-aaral sa pagbasa. Kaya, ito ay nagpapahiwatig na madalas ipinakikita ng mga mag-aaral sa batsilyer ng sekodaryang edukasyon medyor sa Filipino.

Pangalawa, sa pamamagitan ng pinalaliman na panayam (IDI) at pokus na pangkalahatang talakayan (FGD) ang thematic analysis ng kwalitatibong datos ay ginawa batay sa sagot na nakalap. Ang resulta ay nagbigay ng higit pang impormasyon tungkol sa interes ng mga mag-aaral partikukar na sa mga karanasan na natamo sa pagbabasa sa mga klasikong akda. Sa pamamagitan ng husay, nakaranas ang mga BSEd Filipino ng iba't ibang sitwasyon na nagbibigay kontribusyon sa paraan kung paano naiimpluwensyahan ang kanilang interes sa pagbabasa sa mga klasikong akda. Batay sa resulta ang mga sumusunod na tema ay nabuo: pagpapahalaga sa wika, banghay at damdamin sa panitikan, masusing pagsusuri sa wika, estilo at konteksto, pagtuklas ng aral at kultura sa panitikan, pagtuklas ng aral at kahalagahan ng panitikan, pagpapalalim ng wika at pag-unawa sa Filipino, paglinang ng interes sa makabuluhang akda, mabisang paraan sa mas malalim na pag-unawa ng klasikong akda, pagtuklas at pagpapanatili ng kahalagahan ng akda, pagpapahalaga sa wika, kultura at kasaysayan noon at paglalaan ng panahon sa masusing pag-unawa ng akda.

Pangatlo, ang mga sagot ay sinuri batay sa tema upang patunayan ang mga daming nadiskubre sa pananaliksik. Ang parehong nadiskubre sa dalawang yugto ay kasali sa sinuri. Ang antas ng pagsasama-sama ng dami ng resulta sa interes sa pagbasa ay naglalahad ng magkatugmang datos mula sa yugto ng kwalitatibo. Sa kabuoan, ang pagsasama-sama ng mga datos sa kwantitatibo at kwalitatibong bahagi ay nagpapakita ng pagkakatugma sa mga resulta na nagmula sa mga sagot ng mga respondent at partisipante.

### 4.1 Rekomendasyon

Batay sa mga resulta ng kwantitabong yugto, ang antas ng interes sa pagbasa sa mga klasikong akda partikular sa pagpapalagay sa pagbasa ay may pinakamababang mean na kung saan iilan sa mga mag-aaral ay naniniwala na mahihirapan sila sa pagbabasa sa mga klasikong akda at hindi nila naiintindihan ang iilang mga klasikong akda lalong lalo na kung ito ay mahirap basahin. Sa pamamagitan nito kinakailangan ang pagbibigay gabay partikular na sa mga guro sa kursong Filipino at mangasiwa ang institusyon na magkaroon ng kabatiran ang mga mag-aaral para sa pagbubusisi ng mga paraan para ito ay mas maging madaling basahin o unawain.

Sa bahaging kwalitatibo, hinggil sa karanasan ng mga mag-aral, dapat bigyang-pansin ang temang masusing pag-susuri sa wika, estilo at konteksto sapagkat nagkaroon ng hamon sa kanila ang pagbabasa sa mga klasikong akda. Partikular na naging hamon ang mga malalim na wika, ang pagkakaroon ng kalituhan sa estilo at ang pag-unawa sa konteksto. Kaya kinakailangan ang masusing pagsusuri sa nilalaman ng klasikong akda.

Sa susunod na henerasyong mga mananaliksik, ang aking maibibigay na rekomendasyon bilang isang mananaliksik partikular na sa mga klasikong akda ay ang pagbibigay ng halaga o pagbibigay pansin sa akda bilang isang kasangkapan sa pag-unald lalong-lalong na sa larangan ng edukasyon partikular sa kursong batsilyer sa sekondaryang edukasyon medyor sa Filipino. Ito ay bigyan ng pansin kahit tayo ay na sa modernisasyong panahon na maraming makabagong akdang naisulat na siyang naayon sa uso, sa pamamagitan nito naipapakita ang pagyakap sa kayamanan ng ating bansa.

## Talasanggunian


[1] Muhamad, S. N., Latiff Azmi, M. N., & Hassan, I. (2019). Reading interest and its relationship with reading performance: A study of English as second language learners in Malaysia. Humani-ties & Social Sciences Reviews, 7(6), 1154-1161. https://doi.org/10.2139/ssrn.3524723.

[2] Rosa, S., Saputra, N., Fatmawati, E., Anwar, K., Rintaningrum, R., & Ahadia, E. (2023). Investigating student responses to language style of classical literary texts: A comparison of beginner readers and smart readers. Eurasian Journal of Educational Research. https://doi.org/10.14689/ejer.2023.104.020.

[3] Pimentel, K. R. (2023). Promoting Interest in Reading Culture: Reaching One Reader at a Time among High School Students. Journal of School Research, 2.

[4] Puspitawati, P. D., Yudana, I. M., Agung, A. A. G. & Sari, N. M. S. M. (2022). Student's Reading In-terest and Satisfaction of Reading Texts during studying at home. Journal for Educators, Teachers and Trainers, 13 (5), 412–417. https://doi.org/10.47750/jett.2022.13.05.037.

[5] Zur S., Zulkifli M., & Hestiana H. (2022). Students' Interest in Reading English Texts. In International Conference: Transdisciplinary Paradigm on Islamic Knowledge, KnE Social Sciences, 148–157.https://doi.org/10.18502/kss.v7i8.10733.

[6] Creswell, J. W., & Plano Clark, V. L. (2011). Designing and conducting mixed methods research (2nd ed.). Thousand Oaks, CA: Sage.

[7] Retnaningtyas, N., Damaianti, V., Mulyati, Y., & Sastromiharjo, A. (2024). Reading Literacy Based on Experiential Learning as an Effort to Increase Students' Reading Interest. In Proceedings of the 7th International Conference on Language, Literature, Culture, and Education (ICOLLITE 2023), Advances in Social Science, Education and Humanities Research, 832.

[8] Rosenblatt, L. M. (1938). Literature as exploration. Appleton-Century-Crofts.

[9] Boubeker, S. (2021). Teaching short stories through the use of the reader-response theory: Second-year students at Dr. Moulay Tahar University-Saida. Arab World English Journal, 12(2), 83-92. https://dx.doi.org/10.24093/awej/col12no2.6

[10] Craik, F. I. M., & Lockhart, R. S. (1972). Levels of processing: A framework for memory re-search. Journal of Verbal Learning and Verbal Behavior, 11, 671-684. https://doi.org/10.1016/S0022-5371(72)80001-X

[11] Concepcion, W., & Acala, M. T. (2024). Panaghoy ng mga maralita: Sipat-suri sa mga isyung pan-lipunan na nakapaloob sa akda ni Rogelio Ordoñez. International Journal of Research Studies in Education, 13(15), 147-153. https://doi.org/10.5861/ijrse.2024.24839

[12] Rosenblatt, L. M. (1978). The reader, the text, the poem: The transactional theory of the literary work. Southern Illinois University Press.

[13] Ada, H. C., & Marbella, F. D. (2024). Kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula [Students' ability in poetry analysis]. International Journal of Novel Research and Development (IJNRD). https://ijnrd.org

[14] Perfetti, C. (2007). Reading ability: Lexical quality to comprehension. Scientific Studies of Read-ing, 11(4), 357-383. https://doi.org/10.1080/10888430701530730

[15] Dewi, A. C., Rianti, Nurul Awalyah Rachman, Muh Al Imran, Rezki, & Almadani, N. H. (2023). Lack of Interest in Reading Can Have a Negative Impact on Academic Achievement. International Journal of Global Sustainable Research (IJGSR), 1(2), 273–282. https://doi.org/10.59890/ijgsr.v1i2.600https://journal.multitechpublisher.com/index.php/ijgsr.

[16] Piaget, J. (1987). Possibility and necessity (H. Feider, Trans.). University of Minnesota Press.

[17] Dunford, A. J. (2021). Teaching Classic Literature in Culturally Relevant Ways. Learning to Teach Language Arts, Mathematics, Science, and Social Studies through Research and Practice, 10(1). Retrieved from https://openjournals.utoledo.edu/index.php/learningtoteach/article/view/504

[18] Van der Sande, L., van Steensel, R., Wevers, S. F., & Arends, L. (2023). Meta-analysis: Effectiveness of Interventions that Foster Reading Motivation. Educational Psychology Review, 35 (21). https://doi.org/10.1007/s10648-023-09719-3.

[19] Jannah, F., Ni'mah, M., & Hasanah, S. (2023). An analysis of student reading interest in scientific arti-cle. Journal of English Language and Pedagogy, 6(1), 178–184. Universitas Islam Zainul Hasan Genggong Probolinggo.

[20] Mayer, R. E. (2001). Cognitive theory of multimedia learning. In R. E. Mayer (Ed.), The Cambridge handbook of multimedia learning (pp. 31-48). Cambridge University Press. https://doi.org/10.1017/cbo9780511816819.004

[21] Golloso, C. J. D., Millares, K. R. S., Onesa, A. B., Pitalbo, V. F., & Toralba, C. J. G. (2022). Kalamangan at Kawalan ng Social Media sa Mag-aaral ng Senior Hayskul ng Gallanosa sa Panahon ng Pandemya. Research and Analysis Journal, 5(7), 01–04. https://doi.org/10.18535/raj.v5i7.305

[22] Nussbaum, M. C. (1990). Loves knowledge: Essays on philosophy and literature. Oxford University Press.

[23] Martinez, J. A. (2020). The impact of high-relevance texts on students' foundational knowledge and their appreciation of literature. Journal of Educational Research and Practice, 15(3), 45-58.

[24] Levin, H. (2023). Why read classic literature?. School of Education, Culture and Communication, Malmö University.

[25] Torres, M. d. l. A. (2022). The Power of Sharing: Exploring the Impact of Collaborative Reading Experi-ences on Student Engagement and Understanding [Doctoral dissertation, University of Cali-fornia, Berkeley].

[26] Colangelo, L. M. C. (2021). The Power of Storytelling: Exploring the Impact of Literary Analysis on Stu-dent Emotional Intelligence and Empathy [Doctoral dissertation, University of Southern Cali-fornia].